# Kaligtasan ng health workers, giit ni Mayor Joy B

Umapela si Quezon City Mayor Joy Belmonte sa lahat ng ospital sa Metro Manila partikular sa Quezon City na gawin ang lahat para protektahan ang kalusugan ng mga healthcare workers.

Ang pahayag ay ginawa ni Belmonte nang magpakita ng mataas na infection rate sa COVID-19 ang mga health workers sa mahigit 50 public at private hospitals.

"We implore hospital owners and administrators to provide safer working conditions, more personal protective equipment (PPE), and free virus testing to their staff and medical professionals," pahayag ni Belmonte.

Anya ang kabiguan na mapangalagaan ang kapakanan at kalusugan ng mga health workers ay magdudulot ng mas matinding epekto at mas madaming COVID-19 cases.

"They are already overwhelmed and exhausted. We must do our best to protect them as much as they care for our people," dagdag ni Belmonte.

Sa ulat ng Department of Health, may 390 healthcare workers ng QC ang infected ng COVID-19 mula May 11.

Ang naturang bilang ay naglalagay sa 24.7 percent ng kabuuang COVID-19 cases ng QC.

Pawang apektadong indibidwal ay mga doctors, nurses, radio technologists, attendants, drivers at iba pa na nagta trabaho sa mga ospital sa QC. *(Angie dela Cruz)*